# ALE BANGBANG
Tulang Pambata

*Mga Nilalaman*

Ale Bangbang/ 1
Tara, Tara!/ 1
Namit/ 1
Taguan Pung/ 1
Sa Bintana/ 3
Kiskis, Kusot/ 3
Ambahan ng mga Pakpak/ 4
Hingang Malalim/ 4
Ghazal sa Pasko/ 5
Munting Paalala/ 5
Isang Kisap/ 5

## ALE BANGBANG

“Ale Bangbang, alibangbang,
Ikaw ba ang nasa duyan?
Ikaw ba ang nasa kalan?
Ikaw ba ang mangkukulam?

“Hindi, hindi, baka, oo,
Bata, huwag manloloko.
Kahit munti parang tao,
Nasasaktan ‘pag binato.”

“Ikaw ba ang mangkukulam?
Ikaw ba ang nasa kalan?
Ikaw ba ang nasa duyan?
Ale Bangbang, alibangbang!”

“Kung sumakit iyang noo,
At ang apoy ay malito,
Ang pakpak ko, masasalo,
O dadapo na kulugo!”

## TARA, TARA!

Saranggolang nagtatampo,
Puti’t itim lumulukso;
Bumubukad, parang tukso,
Dito, doon, paraiso.

## NAMIT

O, Paslit, kaiingat,
O, Pansit, umuunat,
Sampikit, may aangkas.

May aangkas, kay rikit!
Sa pakpak, anong tamis!
Isang iglap, pritong paswit!

## TAGUAN PUNG

Gitnang-guhit na kumpol,
Matang hindi nasapul.
Kung ulap, bukol-bukol.
Nakakubli ang asul.

## SA BINTANA

Natutulog na kulay
Sa may luntiang súhay
Ay, nagbubulay-bulay!
Minsan lang kung mabuhay.

## KISKIS, KUSOT

Sa eskoba nagsimula itong anyo
Kakaligkig ang sasalat, magtatangka;
Pag nagulat, ginugulat, kiming tagpo.

Iiwasan, pipitikin sa pagyuko
Parang tangkay, parang dahong nanunuya,
Sa eskoba nagsimula itong anyo.

Sa panahon mahihinog kung lumayo,
Ang halimaw sa kariktan sa pagdapa.
Pag nagulat, ginugulat, kiming tagpo.

Kung mamatay, at mistulang parang tuyo
Ang pag-asa kung madurog at mawala,
Sa eskoba nagsimula itong anyo.

Kulay-araw, mga guhit na nabuo;
Lumilipad sa malawak, nagtataya,
Pag nagulat, ginugulat, kiming tagpo.

Ang daigdig kung sa init ay mamugto
Ipapaypay itong pakpak ng pagkatha.
Sa eskoba nagsimula itong anyo;
Pag nagulat, ginugulat, kiming tagpo.

**AMBAHAN NG MGA PAKPAK**

Kung tubig ang diwata,
Gumamela ang lupa,
Mga poste ay pusa
Mga berde, tilapya,
Ang tuko ay tihaya,
Ang hangin, lumalagda,
Ang ulan, putlang-putla,
Nagkamot ang bintana,
Nagkumot ang palàpa,
Nahimbing ang palaka,
Ang samyo ay pansuka,
Dumadapo ang mangha,
Patak-patak na luha,
Galak na sumisipa,
Mga sanggol ng hiwaga!

**HINGANG MALALIM**

Ang kaluluwa ko'y kuyom ng maliit
Tulad ng daigdig sa musmos na palad.
Paglipad palayo kagyat alumpihit
Bumabalik-balik, tamis ay banayad.

Napaso nang minsan sa paninibugho,
Kariktan ng mata'y sa ngitngit humawi.
Pag titig ng sinta lakas ay naglaho,
Para lang pangarap na biglang binawi.

Hinahanap-hanap, hanggang sa pangalan,
Langhap ng busilak na di nakikita.
Ang gubat at lungsod, bagaman silungan
Sa pakpak nagtago lugod ng pag-asa.

Namamangha ako pagkat sumasaksi
Sa munting marikit, na di maiwaksi!

**GHAZAL SA PASKO**

Balita ng anghel ay budbod ng lila
Araw ay darating na buklod ng lila

Paggunaw ng mundo ay di mapipiho
Dahon ma'y ukitin, may sindi ng lila

Sasapit ang dilim, pampinid sa daing
Lulukob sa bayang may basbas ng lila

Naghawan ng daan ang sugong kay munti
Ang turing sa lakas na hubog ng lila

Haring pintakasi, hinanap, hinintay,
Haring ang paglaban ay sulo ng lila

Hayop saka pastol ay nangagsiluhod
Hinagkan ang init ng ubod ng lila

Sanggol na ang palad, buhay ay ialay
Nanaog, nanghimok, pag-asa ay lila
Pag-ibig sa tanan, awit na payapa
O Kapanganakang namintog sa lila!

**MUNTING PAALALA**

Ang mata kong nasa likod
Nagsisilbing aking tungkod.
Kunwa't taos, nabubukod;
Palalo ma'y lumuluhod.

**ISANG KISAP**

Kaiingat na malingat
Pagkat hindi magluluwat
Umaangat, umaangat
Bumubukas, bumubukas
Pag sa araw ay nabilad
Ang galak mong nagkapakpak
Isang kisap, isang kisap
Mawawaldas, mawawaldas

###